SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 12/12/23 Time: 11:15 AM

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-108

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 05, S-2023 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY CAMACHILIHAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN LABING TATLONG LIBO, WALONG DAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO AT TATLUMPU'T LIMANG SENTIMO (₱113,829.35)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Camachilihan para sa kanilang first updating ng annual barangay youth investment program na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng ₱113,829.35;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Camachilihan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Camachilihan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 05, H-2023 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Camachilihan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget No. 1*) para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Isang Daan Labing Tatlong Libo, Walong Daan Dalawampu't Siyam na Piso at Tatlumpu't Limang Sentimo (₱113,829.35).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-7 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa covered court ng Tanawan, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-7 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim